# Balitang Manmin

BILANG 84 MAYO 19, 2013


# Seminar para sa mga Pastor at Mga Krusadang may Pagpapagaling sa Pakistan –

## Puspos ng Makapangyarihang Pagkilos at Mensahe ng Espiritu




Ipinangaral ni Pastor Taesik Gil ang pag-ibig ni Jesu-Cristo at pinatunayan na buhay ang Diyos sa pamamagitan ng mga tanda sa seminar para sa mga pastor at mga krusadang may pagpapagaling sa Pakistan. Bumuhos ang liwanag ng Espiritu sa mga kaluluwa doon. **1**: Nanalangin si Pastor Taesik Gil gamit ang makapangyarihang panyo **2-4:** Mga nagpapatotoo **5:** Si Pastor Gil kasama ang mga Obispo **6:** Seminar para sa mga pastor sa Karachi **7:** Krusada sa Lahore, dinaluhan ng may 8,000 tao

Dahil sa maalab na pag-ibig ng Diyos sa Pakistan, kung saan 97% ay Muslim, namukadkad ang ebanghelyo ng kabanalan.

Noong Abril 5-15, 2013, nagbiyaheng muli para magmisyon sa Pakistan si Pastor Taesik Gil ng Daejon Manmin Church. Sa loob ng 11 taon, nakapagdaos na siya ng mga seminar at mga krusadang may pagpapagaling gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) sa iba't ibang lugar dito kabilang na ang pangunahing lungsod ng Islamabad.

Nangaral si Pastor Gil sa limang seminar para sa mga pastor at sa mga krusadang may mahimalang pagpapagaling sa lungsod ng Lahore, at sa Sheikhupura, Multan, at Karachi. Dalawang beses din siyang nakipagpulong sa mga obispo. Sa pagmimisyong ito, ipinalista ng may 200 pastor ang mga iglesya nila bilang sangay at katuwang ng Manmin. Maraming pagpapagaling ang naipakita. Naging dahilan ito para lumago ang pananampalataya ng mga dumalo.

**Umapaw ang mga patotoo tungkol sa napakamakapangyarihang pagkilos ng Espiritu**

May 8,000 tao ang dumalo sa krusada sa Lahore. Ipinangaral ni Pastor Gil ang 'Holy Spirit' (Banal na Espiritu) mula sa Ang Mga Gawa 2:1-4. Inihatid din niya ang mensahe tungkol sa 'God the Healer' (Ang Diyos na Nagpapagaling) mula sa Exodo 15:26, sa krusada sa Sheikhupura – may 6,000 tao ang dumalo, sa Multan – 3,000 tao, at Karachi – 450 tao. Pagkatapos ng mga mensahe, ipinanalangin ni Pastor Gil ang mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan. Marami sa mga dumalo ang nakalaya sa mga karamdaman, sakit, at kahinaan.

May kapansanan sa paningin at hindi makakitang mabuti si Shraz, 11 taong gulang, pero naging malinaw ang mga mata niya. Ang hindi makapagsalita mula noong siya'y 3 taong gulang na si Wumal Ali, 8 taong gulang na siya ngayon, ay nakapagsalita. Si Shakina, 45 taong gulang, ay nakapaglakad. Hindi siya makapaglakad dati kung walang baston pagkatapos niyang maoperahan sa balakang. Tumayo mula sa silyang may gulong at nakapaglakad si Nashin, 35 taong gulang.

Gumaling ang paralisadong kanang balikat ni Youshaf Masik, 50 taong gulang. Naiigalaw na niya ngayon ang kanang braso at balikat niya nang walang problema. Gumaling ang asma ni Sahril, 7 taong gulang. Sakit na niya ito mula pa noong bata pa siya. Tinanggap ni Avid, 25 taong gulang, ang panalangin para sa kapatid niya na nagdurusa sa sakit ng tiyan. Buong galak na pinatotohanan niya ang gumaling na ito.

At gumaling ang tumor sa utak ni Bushra, 40 taong gulang. Limang taon na niya itong pinagdudusahan. Nabiyayaan namang maglihi si Shaniz, 23 taong gulang, dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa Isaac TV (Pangulong Pastor Anwar Fazal).

Ibinobrodkast ng Isaac TV ang mga mensahe ni Dr. Lee sa wikang Ingles at Urdu sa loob ng anim na oras bawat araw sa Pakistan at sa buong Gitnang Silangan.

**Namangha ang mga pastor sa lugar na ito sa mga malalim na espirituwal na mensahe, matagal na nilang hinihintay ito.**

Sa seminar para sa mga pastor sa Lahore, inihatid ni Pastor Gil ang mensahe tungkol sa 'God the Creator' (Ang Diyos na Manlilikha) at 'The Secret Hidden Before the Ages' (Ang Lihim na Itinago Bago Pa Magsimula ang Panahon). Sa mga seminar naman na idinaos Sheikhupura, Multan, at Karachi, ipinangaral niya ang 'God Who Cultivates Humans' (Ang Diyos na Nangangalaga sa mga Tao) at 'The Reason Why God Placed the Tree of Knowledge of Good and Evil' (Ang Dahilan Kung Bakit Inilagay ng Diyos ang Punungkahoy ng Pagkilala ng Mabuti at Masama).

Bumisita rin siya sa regular na pagpupulong ng Konseho ng mga Nagkakaisang Obispo ng Pakistan. Ipinakilala niya ang ministeryo ng Manmin at ipinangaral ang mensahe mula sa Mga Taga-Roma 5:8 na may pamagat na 'Why Is Jesus Our Only Savior?' (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?) Pagkatapos, nakipagpulong siya sa mga obispo ng Lahore at ipinaliwanag ang tungkol sa bisyon para sa ministeryo sa Pakistan.

Namangha ang mga pastor na dumalo sa mga seminar. Sinabi nila, "Hindi pa kami nakakarinig ng ganitong espirituwal na mensahe." Nagpahayag sila ng interes sa pangitain ng Manmin para sa pagmimisyon sa buong mundo. Umaasa silang makibahagi dito.

Lubos ang pagpapasalamat ni Pastor Samuel, sinabi niya, "Nagtuturo ako sa mga estudyante ng seminaryo tungkol sa Biblia, pero nagkaroon ako ng bagong kaalaman ngayon. Malaking tulong ito sa pagtuturo ko sa kanila." Sinabi ni Pastor Asif Aslam, "Balewala ang nalalaman ko noon. Dahil sa banal na mensahe, muli kaming binago ng Diyos. Nagpapasalamat ako dahil pinahintulutan Niya kaming marinig ang ganitong mensahe ng pagpapala."

Sa pagmimisyong ito, nakita nila na ang ebanghelyo ng kabanalan at ang ministeryo ng Manmin ay nakikilala na ng mga tao sa buong Pakistan. Maraming tao na dito ang nanunuod ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa Isaac TV. Tumanggap sila ng mga biyaya at paggaling.

Natatandaan pa ng maraming pastor ang isinagawang krusada ng pagkakaisa ni Dr. Lee noong taong 2000. Hindi ito mapapantayan ng kahit na anong krusada sa kasaysayan ng Pakistan. Sa mga sinabi nila, malalaman natin na malaki ang naging impluwensya at bahagi nito sa buhay ng mga tao doon.

At isa pa, nagsilbing pagkakataon ang biyaheng pangmisyon na ito para mas palawakin ang ministeryo sa Pakistan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa maraming obispo. Ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay sa Diyos na sumasa amin sa lahat ng oras.

# Ang Pag-ibig ay Hindi Mayayamutin

"[Ang pag-ibig ay] hindi magaspang ang kilos. Hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, hindi nagtatala ng pagkakamali." (1 Mga Taga-Corinto 13:5)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

May mga taong mabilis magalit kapag hindi nangyayari ang gusto nila. Mayayamutin ang tawag sa ugaling ito.

Ginagawang maganda at positibo ng pag-ibig ang kalooban ng tao. Sa kabilang banda, sinasaktan ng galit ang damdamin niya at nagiging negatibo ito. Ginagawa rin nitong marumi ang puso. Kaya kung nagagalit kayo, hindi kayo maaaring manahan sa pag-ibig ng Diyos at magiging mabagal ang paglago ng espiritu ninyo.

Tinitisod ng kaaway na diyablo ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng paghahanap ng mga dahilan para magalit sila. Ang pinakamalaking patibong na ginagamit nito ay galit at poot.

Ano ngayon ang dapat nating gawin para magkaroon ng espirituwal na pag-ibig na hindi mayayamutin para makapagbigay tayo ng luwalhati sa Diyos bilang mga anak Niya?

### 1. Pagkakaiba ng galit na nasa katuwiran at pagiging mayayamutin

Ang pagiging mayayamutin ay hindi lang nangangahulugang nagagalit, nagmumura, at nagiging marahas. Kung sumisimangot kayo, nag-iiba ang mukha, at pabigla-bigla ang pagsasalita, nagpapakita ito ng pagkayamot. Ito ang panlabas na pagpapahayag ng galit at sama ng loob, kahit magkakaiba ang pagkayamot na nararamdaman sa bawat situwasyon. Pero hindi pa rin ito nangangahulugang pwede na nating hatulan o husgahang nagagalit ang isang tao dahil sa mukha niya. Ang Diyos lang ang nakakaalam ng nararamdaman natin, wala ng iba.

Sa Mateo 21, pinalayas ni Jesus ang mga nangangalakal sa Templo. Noong panahong iyon, nagpapalitan ng pera ang mga tao, o nagtitinda at bumibili ng mga hayop sa mga taong nasa Templo ng Jerusalem para sa Paskuwa.

Napakaamo ni Jesus, hindi Siya nakikipag-away ni sumisigaw. Hindi ninyo maririnig na malakas ang boses Niya sa kalye. Pero nang makita Niya ang situwasyon sa Templo, nag-iba ang kilos niya. Ginawa Niyang latigo ang tali, at hinampas papalayo ang mga hayupan. Itinaob Niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera at nagtitinda ng kalapati.

Inisip marahil ng mga makamundong tao na nagagalit si Jesus. Pero noong mga oras na iyon, nasa katwiran Siya. Ipinakita Niya sa kanila na hindi katanggap-tanggap na dungisan ang Templo ng Diyos kahit pa mabuti ang layunin nila.

Ang ganitong klaseng galit na nasa katuwiran ay dahil sa pag-ibig para sa Diyos na nagbibigay ng perpektong pag-ibig sa pamamagitan ng katarungan Niya.

Mababasa sa Marcos 3, sa araw ng Sabbath, may nakita si Jesus na isang lalaki sa sinagoga na paralisado ang kamay. Pinanood Siya ng mga tao para tingnan kung pagagalingin Niya ang lalaki sa araw ng Sabbath. Gusto nilang akusahan si Jesus ng paglabag ng araw na ito. Batid na ni Jesus ang iniisip ng mga tao, tinanong Niya, "Ipinapahintulot ba na gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath, o ang gumawa ng masama, magligtas ng buhay, o pumuksa nito? (Marcos 3:4) At sila ay nanahimik.

Noong mga araw na iyon, sinikap na hatulan at patayin ng masasamang tao si Jesus kahit kabutihan lang ang ginawa Niya. Kaya may mga pagkakataong pinagwiwikaan sila ni Jesus. Ito'y sa dahilang gusto Niyang makita at talikuran nila ang kasalanan. Ganito rin ang galit na nasa katuwiran na ipinakita ni Jesus sa mga Fariseo at Escriba. Nagmumula ito sa pag-ibig Niya. Gusto Niyang magising at magkaroon ng buhay ang mga ito. Ito ang pagkakaiba ng mayayamutin at pagpapakita ng galit na nasa katuwiran. Makakapagbigay buhay sa mga kaluluwa ang mga pagalit at paalala kung banal at walang kasalanan ang gagawa nito.

### 2. Bakit nayayamot ang mga tao?

Ang dahilan kung bakit nayayamot ang mga tao ay, una sa lahat, kung hindi umaayon ang ibang tao sa mga saloobin at kalooban nila. Ang bawat isa sa inyo ay mayroong magkakaibang ideya at kalooban dahil lumaki kayo sa magkakaibang lugar, kapaligiran, at mga kaalaman. Ang asal o pamantayan ng pagpapasya ay magkakaiba sa bawat tao. Kung ipipilit ninyo sa iba ang pamantayan ninyo, hindi maiiwasang magkaroon ng samaan ng loob.

Ang isa pang dahilan ay dahil hindi sila sumusunod sa inyo. Kung mas mataas ang posisyon ninyo o iniisip ninyong mas magaling kayo kaysa sa kanila, pwedeng gustuhin ninyong sumunod ang ibang tao sa inyo. Siyempre, dapat lang igalang ng mga nasa mas mababang posisyon ang nakakataas sa kanila, pero hindi tamang pilitin silang sumunod. Kung ipipilit ng nakakataas na sundin ang mga ideya niya nang hindi pinapakinggan ang ideya ng iba, mali ito.

Kapag sinasaktan o hindi tama ang pakikitungo sa tao, maaaring mayamot sila. Kapag may hinanakit sa kanila ang ibang tao nang walang dahilan; kung sa palagay nila ay dehado sila; kung hindi nila gusto ang pagtatrabaho ng mga tauhan nila; at kapag may narinig silang masamang salita mula sa iba o nainsulto; ang mga bagay na ito ang dahilan kung bakit nayayamot ang tao.

Bago tuluyang mayamot ang mga tao, nagkakaroon muna sila ng hinanakit sa kalooban nila. Nasasaktan ang damdamin nila sa mga sinasabi at ginagawa ng iba at pagkatapos lumalabas ang galit nila. Ibig sabihin, kung apektado na ang damdamin ninyo, malapit na kayong mayamot. Pero kung mayayamot tayo, hindi tayo pwedeng manahan sa pag-ibig ng Diyos at magkakaroon ito ng negatibong epekto sa paglago ng espiritu natin. Hindi tayo mababago ng katotohanan habang mayroon tayong kinikimkim na sama ng loob.

### 3. Ang nangyayari sa mga nayayamot

Si Eliseo ay tumanggap ng higit na inspirasyon kaysa sa guro niyang si Elias. Nagpakita rin siya ng mas maraming gawain na nagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos. Biniyayaan niya ng paglilihi ang isang babaing walang anak, bumuhay ng patay, nagpagaling ng ketong, at nagwagi sa mga kalabang hukbo sa pamamagitan ng panalangin. Kamangha-mangha ang pagpapakita niya ng kapangyarihan ng Diyos. Pero namatay dahil sa karamdaman si Eliseo kahit na gumawa siya ng mga dakilang bagay. Ano ang dahilan nito?

Nangyari ito nang pumunta si Eliseo sa Bethel. May mga kabataang dumating mula sa bayan at pinagtawanan at ininsulto siya. Sa 2 Mga Hari 2:23, sinabi nila, "Humayo ka, ikaw na kalbo! Humayo ka, ikaw na kalbo!" dahil manipis ang buhok at pangit siya. Hiniling niya sa kanila na itigil ang ginagawang pangiinsulto, pero mas masakit pa ang mga salitang sinabi nila. Nang hindi na niya matiis ang ginagawa sa kanya ng mga kabataan, isinumpa niya sila. Pagkatapos, may lumabas na dalawang osong babae mula sa gubat at nilapa ang apatnapu't dalawang kabataan.

Nangyari ito dahil sa malupit na panunuya ng mga kabataan, pero ipinakita ng pangyayaring ito na si Eliseo ay may hinanakit at masama. Hindi masasabing walang kaugnayan ang pangyayaring ito sa karamdaman niya na naging dahilan ng kamatayan niya. Ipinapakita nito na tayong mga anak ng Diyos ay hindi dapat nayayamot. Sinasabi sa Santiago 1:20, "Sapagkat ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Diyos."

### 4. Para hindi mayamot

Ang isang 'spring' ay mas umiiktad kapag inipit o siniksik, kaya kumakawala o humihilagpos ito kapag biglang binitawan o pinakawalan. Ganito rin ang mangyayari sa galit kung itatago ninyo, sasabog na lang ito balang-araw. Para hindi mayamot, tanggalin natin ang mga sama ng loob na nagiging dahilan ng pagkayamot. Hindi sinasabing itago ang nararamdaman ninyo, sa halip, dapat tanggalin ang lahat ng sama ng loob at magsimulang magmahal at maging mabuti.

Siyempre, hindi madaling tanggalin ang mga sama ng loob at punuin ng kabutihan at pagmamahal ang puso natin. Kailangang pagsikapan natin ang araw-araw at patuloy na paggawa nito. Una, kung may situwasyong nakakayamot, turuan natin ang sarili nating huwag magalit. Sa ganitong situwasyon, isipin natin kung anong maiitulong sa atin ng galit. Kung iiwasan ninyong magalit, walang kayong pagsisisihan at wala kayong dapat ikahiya.

Kung pagtitiyagaan nating magtiis para magkaroon ng espirituwal na pag-ibig sa tulong ng Banal na Espiritu, hindi magtatagal, maiiwaksi na natin ang sama ng loob na nagiging dahilan ng pagkayamot natin. Unti-unting mawawala ito. Hindi magtatagal, payapa na ang isipan ninyo kahit may mga nagpapahirap sa inyo.

Mahal kong mga kapatid, mapasensya ba kayo sa mga kapatid sa pananampalataya kahit nakakayamot sila pero mabilis magalit sa bahay o sa opisina? Hindi lang sa simbahan nakatira ang Diyos! Tayo ang templo Niya at palagi Siyang sumasa atin. Batid Niya ang lahat ng mga iniisip at mga saloobin natin, kahit saan, kahit kailan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na bibigyan ninyo ng luwalhati ang Diyos sa pamamagitan ng mga banal na salita at gawa.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)


"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Mapapalad: Pag-unawa sa Tunay na Biyaya

Ang Mapapalad

Sa ibabaw ng bundok, ipinangaral ni Jesus sa napakaraming tao ang isang napakahalagang mensahe. Tinatawag itong 'Ang Sermon sa Bundok'. Para sa mga taong maglalahong parang hamog, itinuro Niya ang biyayang pang walang hanggan. Ibig sabihin, ang tunay na biyayang pagpasok sa kaharian ng langit. Ang mensaheng ito ay 'Ang Mapapalad'. Ito ay isang sukatan o babala para suriin ang mga sarili natin para makapasok tayo sa lungsod ng Bagong Jerusalem kung saan naroon ang trono ng Diyos. Pag-aralan natin itong mabuti!


Ang Church of the Beatitudes, itinayo sa lugar kung saan inihatid ni Jesus ang Sermon sa Bundok

"Mapapalad ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:3)

Ang kahulugan ng 'dukha sa espiritu' ay ang pusong hindi mapagmataas, hindi mayabang, hindi maramot, hindi makasarili, at hindi masama. Kaya tinatanggap kaagad ng mga 'dukha sa espiritu' ang ebanghelyo. At pagkatapos nilang tanggapin si Jesu-Cristo, naghahangad sila ng mga espirituwal na bagay. Mabilis din silang nagbabago sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos.

Para maging dukha ang espiritu, dapat nating tanggalin ang masamang pagnanasa ng laman, at ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay. Sa madaling salita, hanapin nating palagi ang kasamaan sa kalooban natin sa pamamagitan ng Salita, tanggalin ito sa maalab na pananalangin, at maging mga anak na espirituwal. Dito lang natin tatamasahin ang walang hanggang biyaya, ang Langit.

"Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin." (Mateo 5:4)

Ang tinutukoy na 'nahahapis' (nalulungkot) dito ay espirituwal. Ito ay para sa kaharian at katuwiran ng Diyos. Hindi ito makalaman na kalungkutan na dala ng mga makasariling paghahangad. Para magkaroon ng espirituwal na kalungkutan, una sa lahat, dapat mayroon tayong espirituwal na pagmamahal. Mayroon ding kalungkutan ng pagsisisi, na ang ibig sabihin ay pagsisisi sa ating mga kasalanan o hindi pagtupad sa ating mga tungkulin. Mayroon ding kalungkutan para sa mga kapatid sa pananampalataya, at sa pagliligtas ng marami pang mga kaluluwa. Kapag nahahapis tayo sa espiritu, ibibigay ng Diyos sa atin ang mga kulang sa atin, at higit pa. Bibigyan din Niya tayo ng mga gantimpala sa kaharian sa langit.

"Mapapalad ang mga mapagkumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." (Mateo 5:5)

Ang mga mapagkumbaba ay malalakas at matatapang sa katotohanan habang maamo at malambing ang pag-uugali, parang bulak. Dahil sila ay malinis, mabuti, at maamo, napapatawad nila ang ibang tao sa kasalanan sa kanila. Inuunawa nila ang mga ito at tinatanggap. Maraming tao ang panatag at payapa kung sila ang kasama. Dahil nagdadala sila ng maraming tao sa kaligtasan sa ganitong paraan, mamanahin nila ang malalaking lupain sa Langit.

"Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin." (Mateo 5:6)

Ang tinutukoy na katuwiran dito ay ang pagsunod sa kalooban ng Diyos at pasasabuhay ng Salita ng Diyos na Siya mismong kabutihan at katotohanan. Dapat tayong magutom at mauhaw sa katuwiran para makamit ito, tulad ng mga nagugutom at nauuhaw sa pagkain at tubig. Para mapawi ang espirituwal na gutom at uhaw natin, kailangan nating kainin ang laman at inumin ang dugo ng Anak ng Tao.

Ang ibig sabihin nito ay tanggapin at sundin ang Salita ng Diyos at isagawa ito nang buong sipag. Kung palagi nating papakinggan ang Salita ng Diyos at isasabuhay ito habang nuuhaw at nagugutom tayo sa katuwiran, makakamit natin ang kalooban ng espiritu na walang kasinungalingan. Ito ay espirituwal na kapuspusan.

"Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)

Ang pagiging 'mahabagin' ay unawain, patawarin, at gabayan ang ibang tao sa tamang daan kahit na ginagawan nila tayo ng masama nang walang dahilan. Hindi nito ginagamit ang sariling pananaw para sa sariling pakinabang, ito ay pagsaalangalang sa pananaw ng iba, para mas maunawaan sila at mapakitaan sila ng habag.

Ang 'habag' ay ipinapakita sa pamamagitan ng mga gawa sa maraming paraan. Mayroong habag sa pagpapatawad, pagpaparusa, at mga kawanggawa. Kung makakapagpatawad tayo at magpapakita ng habag sa ibang tao, patatawarin tayo ng Diyos sa mga kasalanan natin at mahahabag Siya sa atin.

"Mapapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos." (Mateo 5:8)

'Ang may malinis na puso' ay nangangahulugang kumikilos sa paraang banal, may kaalaman at pinag-aralan, dapat ding mayroong banal at dalisay na puso. Makakamit natin ang malinis na puso kung tatanggalin natin ang kasamaan dito, isasabuhay ang Salita ng Diyos, at pupunuin ang sarili ng katotohanan. Para mangyari ito, dapat tayong magsikap at magtiyaga sa pagsasagawa ng Salita Niya. Kailangan din natin ang tulong ng Banal na Espiritu at ang pagpapala at kapangyarihan ng Diyos.

Ang biyayang 'makikita ang Diyos' ay nagsasabing hindi lang makikita ang wangis ng Diyos Ama, tatanggapin din ang mga sagot sa mga hinahangad ng puso at mga dalangin. Makakatagpo at mararanasan din ang Diyos sa buhay nila.

"Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos." (Mateo 5:9)

Ang espirituwal na kahulugan ng payapa ay ang pagsasakripisyo ng sarili kahit ibigay pati ang sariling buhay. Makakamit natin ang kapayapaan sa ibang tao kung mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng pagwasak ng pader ng kasalanan na nakatayo sa pagitan natin at ng Diyos. Dapat ding maging mapayapa sa sariling kalooban. Mangyayari ito kung tatanggalin natin ang mga kasamaan tulad ng galit para magkaroon tayo ng kapayapaan sa kapwa.

Kung isasakripisyo natin ang sarili natin sa lahat ng bagay at tatanggalin ang lahat ng kasamaan, matatamo natin ang kapayapaan, at maaaring tawaging mga anak ng Diyos. Magiging kabahagi din tayo ng espirituwal na kapangyarihan at kalakasan katulad ni Jesus (Mateo 10:1). Higit pa riyan, makakapasok tayo sa Bagong Jerusalem kung saan naroon ang trono ng Diyos. Tatamasahin na natin ang karangalan at luwalhati bilang mga tunay na anak Niya.

"Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat kanila ang kaharian sa langit." (Mateo 5:10)

Kapag ipinapamuhay natin ang Salita ng Diyos at sumusunod sa katotohanan, kung minsan may mga umuusig sa atin. Nakasulat ito sa 2 Kay Timoteo 3:12. Nababawasan ang pagiging makapangyarihan ng kaaway na diyablo at Satanas kung madadagdagan ang mga mananampalataya sa Panginoon. Katulad din ito ng liwanag na nakakabawas sa kadiliman. Nasa ilalim ng kapangyarihan ng kaaway na diyablo at Satanas ang mga makamundong tao na pag-ari nila. Inuudyukan nila ang mga ito na usigin ang mga mananampalataya para hindi sila makapamuhay ng tamang buhay-Cristiano.

Ang dahilan kung bakit pwede tayong magalak at magsaya kapag inuusig tayo para sa pangalan ng Panginoon ay dahil malaki ang magiging gantimpala natin sa kaharian sa langit. Sa pamamagitan ng pagtatagumpay sa mga pag-uusig, lalago ang pananampalataya natin at susulong tayo sa mas mabuting mga tirahan sa kaharian sa langit.

_Kinuha sa *A Man Who Pursues True Blessing*
Isinulat ni Dr. Jaerock Lee

# "Gumaling ako at naging malusog habang pinupuno ko ng pag-ibig ng Diyos ang puso ko"




Kap. Nancy Kapur (Delhi Manmin Church, India)

Nasa ikatlong taon ako sa Department of Humanities sa University of Delhi. Dati na akong pumupunta sa simbahan bago ako dumalo sa Delhi Manmin Church na pinagpapastoran ni Pastor John Kim, pero walang pagbabago sa buhay ko. Kung minsan, ibinabahagi ko ang ebanghelyo at nananalangin ako, pero napagod ako at nawalan ng pag-asa.

Noong panahong iyon, nahihirapan ako sa pagreregla ko, hindi kasi ito regular dahil sa 'polycystic ovary syndrome'. May posibilidad rin na hindi ako magkakaanak. Hindi rin ako makatulog, masakit ang ulo, at masasakit ang mga kamay at paa na resulta ng operasyon ko sa gulugod noong 14 taong gulang pa lang ako. Idinadalangin ko ito tuwing umaga, pero hindi pa rin nawawala. Hindi ko na magawang ngumiti, at naging nerbiyosa na ako. Madalas tuloy akong napapaaway dahil laging mainitin ang ulo ko. Napagod na ako dahil sa sakit na nararamdaman ko, gusto ko nang mamatay.

Isang araw, nabalitaan ko ang tungkol sa mga mensahe at mga makapangyarihang gawa ni Dr. Jaerock Lee mula sa kakilala kong si Kap. Lavi Agugustin. Nalaman niya ang tungkol kay Dr. Lee sa pagbabasa niya ng librong *Hell* na ibinigay sa kanya ng kaibigan niya. Tumanggap siya ng maraming pagpapala mula sa libro, kaya binisita niya ang website ng Manmin Central Church (www.manmin.org). Nagkaroon ng panibagong sigla ang buhay Cristiano niya habang pinapakinggan niya ang mga mensahe ni Dr. Lee sa website kaya dumalo siya sa Manmin Church sa Delhi. Dahil ibinalita niya sa akin ito, hinangad kong makilala din ang buhay na Diyos, na makakapagpagaling sa akin at magbibigay ng mga kasagutan.

Nagbago ang buhay ko magmula noong nagparehistro ako sa Delhi Manmin Church noong Pebrero 3, 2013. Naiintidihan ko na ang espirituwal na kahulugan ng Salita ng Diyos sa pagdalo ko sa mga pagsamba ng Manmin Central Church sa internet. Natutuhan ko na kung minamahal natin ang mundo, wala tayong pagmamahal sa Diyos. Mula noon, huminto na ako sa panonood ng TV, mas nasisiyahan na akong magbasa ng Biblia. Pinapakinggan ko rin ang mga mensahe ni Dr. Lee at binabasa ko ang mga libro niya araw-araw. Napupuno na ako ngayon ng pag-asa para sa Langit at hindi ko na gusto ang kahit na anong bagay na makamundo.

Naniniwala ako na ang karamdaman ko ay gagaling kapag susundin ko ang mga utos ng Diyos dahil sa pagmamahal ko sa Kanya. Ang dahilan nito ay sapagkat nabatid ko na ang pag-ibig ng Diyos Ama ang nagbibigay ng biyaya sa mga minamahal na mga anak Niya. Dahil sa pag-ibig na ito para sa akin, tinatanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa bawat pagsamba.

Isang gabi, Marso 25, 2013, may kamangha-manghang bagay na nangyari sa akin. Habang naglalakad ako, may narinig akong boses na nagsabi sa akin, "Magaling na ang karamdaman mo, magpasuri ka sa doktor." Lumingon ako, pero wala akong nakitang tao. Nakakabigla pero nawala ang sakit na nararamdaman ko sa mga kamay at mga paa ko at nakalaya ako sa sakit ng ulo. Nakakatulog na ako ng mahimbing sa gabi, at naging regular na ang pagreregla ko.

Taos-puso akong nagpapasalamat sa Diyos na sumagot sa panalangin ko at kay Dr. Lee na nanalangin para sa akin.

Masaya ang buhay ko dahil nalaman ko ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos at tunay na buhay Cristiano ang ipinapamuhay ko. Nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church at sa makapangyarihang ministeryo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee mula sa tatay kong si Pastor Grigory Kolesov. Noong mga panahong iyon, Hunyo 2010, nagdurusa ako sa sakit ng tiyan. Problema ko ito sa loob ng anim na taon. Hindi masabi ng mga doktor kung ano ang dahilan. Kaya, nakakamangha at masayang balita nang marinig kong nabubuhay muli ang patay at ang lahat ng mga karamdaman ay pwedeng pagalingin ng pananalangin ni Dr. Lee. Tiniyak sa akin na gagaling ako kung tatanggapin ko ang dalangin niya.

Naantig ang damdamin ko sa talambuhay ni Dr. Lee na *Buhay Ko, Pananalig Ko*. Binasa ko ito habang umiiyak. Dumating sa puso ko ang tunay na pananampalataya at dakilang pag-ibig ng Diyos. Higit sa lahat, nalaman kong ang mga karamdaman ay dahil sa mga kasalanan. Hinanap ko ang pader ng kasalanan ko na nagiging balakid sa pagitan ko at ng Diyos. Nagsisi, nag-ayuno, at nanalangin ako para gumaling. Noong Hulyo 2, 2010, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon sa pamamagitan ng internet at sa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes ng Manmin Central Church. Gumaling ako.

Noong Oktubre 30-31, 2010, idinaos ang krusadang may mahimalang pagpapagaling ni Dr. Jaerock Lee sa Tallinn. Dinaluhan ko itong may pag-asa. Ang bilang ng mga dumalo ay ang pinakamalaki sa kasaysayan ng mga Cristiano sa Estonia. Niluwalhati nila ang Diyos. Ipinangaral ni Dr. Lee ang mga mensaheng pinamagatang "God the Creator" at "Why Is Jesus Our Only Savior?" Pagkatapos, idinalangin niya ang mga may sakit mula sa entablado. Habang nananalangin siya at pagkatapos ng panalangin niya, nakakita ang bulag, nakalakad ang lumpo, at sari-saring mga karamdaman ang gumaling.

Personal kong nakita ang mga makapangyarihang pagkilos na parang posible lang mangyari noong panahong nasa Biblia. Habang nakikita ko ito, inisip ko na tunay ngang buhay ang Diyos at gumagawa Siya sa pamamagitan ng minamahal niyang lingkod na may kapangyarihan. Mula noon, pinapakinggan ko na ang mga mensahe ni Dr. Lee sa Russian website ng Manmin Central Church at nagbabago ang buhay ko bawat araw.

# "Kasama ako sa pagbabago, kahit nasa Estonia"



Kap. Anastasia Kolesova

(The Spring of Truth Church, Estonia)

Ang mga pinapanood kong mga pagsamba ng Manmin Central Church sa VOD ay punong-puno ng pag-ibig ng Panginoon at nagpaalaala sa akin ng Langit. Patuloy na ipinapahayag ng walang hinto ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Gustong-gusto kong bumisita sa iglesya, pero hindi ko magawa ito noong mga panahong iyon dahil may problema ako sa pera. Kaya masigasig akong nanalangin at sinagot ako ng Diyos.

Noong 2011, panahon ng tag-init, sa wakas ay nakabisita din ako sa Manmin Central Church, at higit pa ito sa inakala ko. Umaapaw ang kaligayahan at kagalakan doon. Nakaranas din ako ng mga tanda at himala sa retreat sa tag-init. Pagbalik ko sa Estonia, pinakinggan kong mabuti ang serye ng sermon ni Dr. Lee tungkol sa pag-aaral, ang 'Keys to Studying Well' (Mga Paraan sa Pag-aaral ng Mabuti). Ginamit ko itong tulong sa pag-aaral ko. Dahil dito, nakatapos ako sa mataas na paaralan (high school) nang may mataas na grado. Higit sa lahat, nakapasok ako sa University of Tartu, ang pangunahing unibersidad sa Estonia.

Dumadalo ako sa pagsamba tuwing Linggo, magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at pulong-panalanging Daniel sa internet. Para makasali sa mga pagsamba tuwing Linggo, dapat akong gumising ng ika-4:00 ng umaga dahil magkaiba ang oras doon at sa lugar namin. Pero ginagawa ko ito nang may pananabik. Higit pa riyan, nananalangin ako para makamit ang kabanalan sa dalawang sesyon na magkasunod ng espesyal na pulong-panalanging Daniel. Nagsimula ito noong Marso 18, 2013. Habang nananalangin, nabasa ako ng pawis at luha. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na nagpagaling sa akin at nagbibigay ng biyaya para sumulong ako nang lubos.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714